PRAYER

- Ipagdasal ang mga naihasik mo ng binhi na mamunga na upang matanggap mo na ang pinaniniwalaan mong ani galing sa Diyos.

- Hilingin sa Diyos na tulungan kang maging sensitibo upang sa pagtanggap mo ng Kanyang pagpapala ay makita mo rin ang kapwa mong nangangailangan ng tulong.

- Magdasal na ang bawat isa sa inyong grupo ay pagpalain sa inyong mga pananalapi at nang maging daluyan kayo ng pagpapalang pinansiyal para sa iba.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Every Nation Leadership Institute
Inilathala ng EVERY NATION PRODUCTIONS
P.O. Box 12229 Ortigas Center, Pasig City, Philippines

FILIPINO

Ang Nagagawa ng Isang Binhi

Week 3

NOTES

CONNECT

- Ano ang paborito mong prutas? Bakit mo ito gusto?

- Ikwento ang iyong karanasan sa pagtatanim. Kamusta naman ito?

- Alalahanin ang panahong tumulong ka sa kapwa at nabiyayaan ka ng hindi mo inaasahan. Anong natutunan mo sa iyong naging karanasan?

WORD

WHAT

What does the Bible say?

[10]Sapagkat ang Diyos na nagbibigay ng binhing maitatanim at ng tinapay na makakain, ay siya ring magbibigay at magpaparami ng inyong binhing maitatanim upang lalong dumami ang bunga ng inyong kabutihan. [11]Payayamanin niya kayo sa lahat ng bagay upang makapagbigay kayo nang sagana sa lahat ng paraan. Sa gayon, marami ang magpapasalamat sa Diyos dahil sa atin.

2 Corinto 9:10,11

Ang lahat ng ani ng isang magsasaka ay nagmumula sa isang binhi. Ang bawat binhi ay namumunga rin ng kapareho nitong uri. Totoo rin ito sa buhay-pera natin, at matatamasa natin ang probisyon at kaunlaran kapag naunawaan natin ang potensiyal ng isang binhi at kapag naghasik tayo ng tamang uri nito. Heto ang tatlong bagay na nagpapaliwanag sa kung ano ang ugnayan ng prinsipiyo ng isang binhi sa ating pananalapi.

- **Ang Diyos ang nagbibigay ng binhi sa atin upang ihasik.**
  Sapagkat ang Diyos na nagbibigay ng binhing maitatanim at ng tinapay na makakain . . .

  2 Corinto 9:10

  Ang Diyos na matapat nating Tagapagbigay ay binibigyan tayo ng salapi para sa dalawang kadahilanan: para sa pagkain (pang-araw-araw na pangangailangan) at para sa paghahasik (upang mamuhunan sa Kanyang kaharian). Ang pera ay parang isang binhi na pupwede nating gastusin, ipunin, o ihasik. Dapat marunong tayo sa pagdadala ng mga binhing binibigay sa atin ng Diyos. Ang isang binhi sa ating mga kamay ay kakayahan upang makapagbigay at maging isang biyaya. Bakit hindi tamang "kainin" natin ang lahat ng ating mga binhi?

  _____

  _____

- **Naghahasik tayo ng butil kapag tayo ay nagbibigay.**
  [6]Alalahanin ninyo: Ang naghahasik ng kaunti ay kaunti rin ang aanihin. Subalit ang naghahasik ng marami ay marami ring aanihin. [7]Magbigay ang bawat isa ayon sa kanyang ipinasya—huwag masama sa loob o dahil napipilitan lamang. Sapagkat mahal ng Diyos ang mga nagbibigay nang masaya sa loob.

  2 Corinto 9:6,7

  Sa ating pagbibigay sa Diyos, nagtatanim din tayo sa Kanyang gawain. Ang binhi na ating inihahasik ay susi sa ating probisyon.

  Tulad ng pag-asa ng isang magsasakang aani siya kapag naghasik siya ng binhi, kapag nagtiwala tayo at nagbigay sa Diyos, naniniwala tayong matatanggap natin ang biyayang galing sa Kanya. Papaano tayo natutulungan ng pangakong itong magbigay sa Diyos ng may kasiyahan? Ano ang pupwede nating asahan sa pagtiwala at pagsunod natin sa Diyos sa pagbibigay?

  _____

  _____

- **Umaani tayo ng higit pa sa ating inihasik.**
  Payayamanin niya kayo sa lahat ng bagay upang makapagbigay kayo nang sagana sa lahat ng paraan. Sa gayon, marami ang magpapasalamat sa Diyos dahil sa atin.

  2 Corinto 9:11

  Kapag umusbong ang isang binhing itinanim, inaasahan itong mamunga ng kanyang uri. Sa prinsipiyo ng paghahasik at pagtatanim, ang tanging trabaho natin ay ang maghasik o magtanim. Ang Diyos na ang nagpapalago at nagpaparami ng mga bunga nito. Binibigyan tayo ng kasaganahang ito ng Diyos hindi lamang para sa atin kundi upang mabiyayaan din natin ang kapwa nating nangangailangan. Bakit mahalagang gampanan natin ang paghahasik ng binhi?

  _____

  _____

SO WHAT *What is the relevance of the Word to my life?*

- Gaano mo nauunawaan ang prinsipiyo ng isang binhi? Gaano ito katotoo sa iyong pinagdadaanan ngayon?
- Masasabi mo bang pinagpala ka ng Diyos? Sa anong paraan?
- Ano ang mayroon ka ngayon na maari mong gamitin bilang isang binhi upang makatulong sa kapwa o sa gawain ng Diyos?

NOW WHAT *How do I apply the Word to my life?*

- Bukod sa pagbibigay ng iyong ikapu at handog, kanino mo pa pupwedeng ihasik ang iyong binhing salapi? Kailan moito magagawa?
- Anong pangangailangan ang pinaniniwalaan mong matutugunan ng Diyos bilang resulta ng iyong paghahasik ng binhi? Ano ang magagawa mo sa mga susunod na araw upang ipakita ang pagtiwala mo sa kabutihan ng Diyos?
- Sa aling bahagi ng iyong buhay ang nakikitaan mong kailangang hasikan ng binhi upang mapalago ito ng Diyos?